# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG DISYEMBRE 05, 2022, LUNES, IKA-9:37 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

RELEASED NAME DATE 12.22.22 TIME OFFICE OF THE S.B. STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: Date: 21 DEC 2022 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 447-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAHIHINTULUTANG MAKAPAGTINDA SA MAGKABILANG PANIG NG DAANG REGIDOR MULA SA SOUTH EMERALD HANGGANG SANTISIMA CRUZ ELEMENTARY SCHOOL SIMULA DISYEMBRE 18 HANGGANG DISYEMBRE 25, 2022; SA DAANG FALCON AT DAANG REGIDOR AY MGA PANINDANG PRUTAS AT CAKES; SA DAANG N. TOBIAS SA MAY DATING MATADERO, ANG TINDAHAN NG PAPUTOK, MULA DISYEMBRE 29 – 31, 2022 PARA SA CHRISTMAS TIANGGE SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Pambayang Administrador na may petsa Disyembre 2, 2022 na makapaglagay ng paninda/tiangge para sa selebrasyon ng Christmas 2022 gaya ng sumusunod :

| | | |
|---|---|---|
| Disyembre 18-25, 2022 | - | Christmas Tiangge mula Daang Regidor mula sa South Emerald hanggang Santisima Cruz Elementary School |
| Disyembre 29-31, 2022 | - | Prutasan / Cakes sa Daang Falcon at Daang Regidor |
| | - | Fire Works Tiangge sa Daang Tobias sa may dating matadero |

**SAPAGKAT,** ang kahilingan ay iniliwat sa Lupon sa Pamilihang Bayan at Katayan ng mga Pagkaing Hayop at Lupon sa Transportasyon at Komunikasyon para sa kanilang pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri ay inirekomendang pagtibayin ang Christmas Tiangge.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg Mark Anthony P. Joven (Tagapamuno ng Lupon sa Pamilihang Bayan at Katayan ng mga Pagkaing Hayop), na pingalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Regine S. Regalado, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Norman T. Tolentino at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Kgg. Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pahintulutang Makapagtinda sa Magkabilang Panig ng Daang Regidor mula sa South Emerald hanggang Santisima Cruz Elementary School simula Disyembre 18 hanggang Disyembre 25, 2022; sa Daang Falcon at Daang Regidor ay mga Panindang Prutas at Cakes; sa Daang N. Tobias sa may dating Matadero, ang Tindahan ng Paputok, mula Disyembre 29 – 31, 2022 para sa Christmas Tiangge sa Bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Tagapamahala ng Pamilihang Bayan, Sangguniang Barangay ng Poblacion V, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 12, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan